# Ituwid ninyo [ang inyong katawan] sa pagpatirapa,at huwag ilatag ng isa sa inyo ang kanyang dalawang braso,tulad ng paglatag ng aso [sa kanyang dalawang braso

Ayon kay Anas bin Mālik, malugod si Allah sa kanya.-Hadith na Marfu: ((Ituwid ninyo [ang inyong katawan] sa pagpatirapa,at huwag ilatag ng isa sa inyo ang kanyang dalawang braso,tulad ng paglatag ng aso [sa kanyang dalawang braso]))
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ipinag-uutos ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang pagtuwid sa pagpapatirapa,upang ang nagdadasal ay nasa mahusay nitong larawan sa pagpapatirapa,Ilalagay niya ang dalawang palad ng kamay niya sa lupa,at itataas nito ang dalawang braso niya,at ilalayo sa dalawang tagiliran niya.Dahil ang kalagayang ito,ay pinagmumulan ng kasiglaan at kasiyahan na siyang kinakailangan sa pagdarasal.At dahil sa ang magandang paglalarawang ito ay nagpapatibay sa lahat ng mga kalamnan sa pagpapatirapa,mula sa pagsasaganap sa tungkulin nito sa pagsamba.At ipinagbawal nito ang paglatag sa dalawang braso sa pagpapatirapa,sapagkat ito ay nagpapatunay sa katamaran at pagka-inip,at ito ay naikukumpara sa aso,at ito ay pagkukumpara sa hindi nararapat.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee